Hunyo 1, 2025

Bagong Individual In-Reach Programa

Mahal naming Residente ng Skilled Nursing Facility,

Layunin ng Health First Colorado (Colorado's Medicaid Programa) na pagbutihin ang paraan ng pagbabahagi ng impormasyon tungkol sa mga opsyon para sa pamumuhay sa komunidad. Ang aming layunin ay matiyak na alam ng mga miyembro ng Health First Colorado na naninirahan sa mga nursing facility ang lahat ng kanilang opsyon kung nais nilang lumipat palabas ng pasilidad.

Upang maisakatuparan ito, simula Hulyo 1, 2025, ang Options Counseling ay opisyal nang papalitan ng Individual In-Reach. Ang Individual In-Reach ay boluntaryo. Hindi ka obligado na gawin ito kung ayaw mo, at hinihikayat namin na ibahagi mo ang impormasyong ito sa mga taong sumusuporta sa iyo. Ito ay isang pagkakataon upang makatanggap ka ng direkta at indibidwal na impormasyon tungkol sa iyong mga opsyon para sa pamumuhay sa komunidad, kung interesado kang lumipat mula sa isang nursing facility patungo sa ibang lugar sa komunidad, tulad ng sarili mong apartment o bahay, Assisted Living Facility, o Independent Living Facility. Sa mga pagpupulong na ito, maaari mo ring malaman ang tungkol sa iba pang benepisyo ng Medicaid at lokal na mga serbisyo na maaaring kwalipikado ka. Maaaring may iba pang opsyon din na magagamit.

Kung mayroon kang tagapangalaga (guardian) o tagapamahala ng ari-arian (conservator), kailangan din nilang makilahok sa proseso. Magsisimula nang makipag-ugnayan ang mga In-Reach Counselor sa mga miyembrong nakatira sa mga nursing facility sa Hulyo 2025 upang alamin kung interesado silang matanggap ang impormasyong ito. Kung nais mong simulan ang proseso nang mas maaga, pakipunan lamang ang referral form sa likod ng sulat na ito at makikipag-ugnayan sa iyo ang isang In-Reach Counselor sa loob ng 10 araw ng trabaho. Paalala: walang garantiyang maibibigay ang anumang serbisyo o paglipat.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang *hcpf.colorado.gov/transition-services*. May karagdagang impormasyon din sa likod ng sulat na ito.

Taos-pusong sumasainyo,

Koponang In-Reach
Telepono: 303-866-5499
Email: hcpf_clo_inreach@state.co.us

Formularyo ng Kahilingan para sa Paglipat sa Komunidad ng Medicaid
hcpf.jotformgov.com/241226870607052

I-scan ang code upang punan ang online form na ito at makipag-ugnayan sa isang taong makapagbibigay ng impormasyon tungkol sa Community Transitions.

Maaaring punan ang form na ito ng mga Residente, Tagapangalaga (Guardians), May Kapangyarihan ng Abugado (Power of Attorney), o sinumang miyembro ng komunidad para sa iyo. Maari ring tumulong ang mga kawani ng pasilidad upang ma-access mo ang form na ito.

Website ng Mga Serbisyo sa Paglipat
hcpf.colorado.gov/transition-services

Impormasyon tungkol sa proseso ng Community Transition at mga mapagkukunan na maaaring magamit.

Maaaring tumulong ang mga kawani ng pasilidad upang ma-access mo ang website na ito.